Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-12 NG AGOSTO, 2016 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | | |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Edezer F. Aceron | - | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | -do- |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | IPs Representative |
| | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Pangalawang Punong Bayan **(Gumaganap na Punong Bayan)** |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Sang. Bayan Member – **O.B.** |

x-------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 16-08-161

**KAUTUSANG NAGTATAKDA SA HULING SABADO NG BAWAT BUWAN BILANG ARAW NG KALINISAN SA BAWAT PAMAYANAN**

**MAY AKDA: SB MEMBER EDEZER F. ACERON**
**SB MEMBER DEXTER R. GONZALES**

**Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay nagtatakda at nag-aatas ng mga sumusunod:**

**"SEKSIYON 1.** Ang huling Sabado ng bawat buwan ay itinatalaga bilang araw ng paglilinis sa bawat pamayanan.

**"SEK. 2.** Ang paglilinis ay pangungunahan ng mga Punong Barangay katuwang ng iba pang opisyal at manggagawa ng barangay sa tulong ng mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program, mga guro, mag-aaral at magulang ng mga mag-aaral, mga kawani at manggagawa ng pamahalaan, mga volunteers, non-government organizations at peoples organizations at mga residente sa bawat pamayanan;

**"SEK. 3.** Tutukuyin ng Punong Barangay kung anong oras sisimulan at tatapusin, aling mga lugar ang lilinisin, at mga detalye ng gawain kaugnay ng pagsasagawa ng buwanang araw ng kalinisan;

Scanned with CamScanner

**"SEK. 4.** Ang Municipal Environment and Natural Resources Office o alinmang tanggapan na tutukuyin ng Tanggapan ng Punong Bayan ang pangunahing tagapag-ugnay, taga-monitor, at tagapagtaguyod sa maayos na pagpapatupad ng Kautusang ito.

**"SEK. 5.** Ang lahat na ordinansa ng mga Sangguniang Barangay at ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao na salungat sa kautusang ito ay pinawawalang bisa.

**"SEK. 6.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad at ipapaskil ang kopya ng napagtibay na sipi sa tatlong hayag na lugar sa bawat barangay;

**ISINABATAS** ngayong ika-12 ng Agosto, 2016 sa Bulalacao, Oriental Mindoro

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**DENNES M. FANER**
SB Member

**EDEZER F. ACERON**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**GERMAN S. ACOSTA**
Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 08-31-2016

160815/PLP/jpc

Scanned with CamScanner